



**PAGSUSUMITE NG MGA PANUKALANG BALOTA
PARA SA BALOTA SA NOBYEMBRE 3, 2026**

Ang Patakaran ng Konseho ng Lungsod 000-21 ay nagtatatag ng isang pamamaraan para sa pagsusumite ng mga panukala sa balota sa Konseho ng Lungsod, ng mga miyembro ng publiko, mga Miyembro ng Konseho, mga departamento ng Alkalde o alkalde, mga independiyenteng direktor ng departamento o isang pampublikong ahensya. Maaaring isumite ang mga panukala sa balota sa Tanggapan ng Kalihim ng Lungsod. Pagkatapos ay agad na ipadadala ng Kalihim ng Lungsod ang mga ito sa Konsultant ng Komite sa mga Panuntunan. Itinatag ng Tanggapan ng Kalihim ng Lungsod ang sumusunod na kalendaryo para sa mga panukala sa balota para sa halalan sa Nobyembre 3, 2026.

Pakisumite ang lahat ng mga panukala sa cityclerk@sandiego.gov

Petsa	E-	Kaganapan
Biyernes, 03/06/2026	242	HULING PETSA (5:00 PM DEADLINE) para sa pagsusumite ng mga panukala sa balota sa ang Kalihim ng Lungsod para sa pagsusuri ng Komite.
Miyerkules, 03/18/2026		Maaaring Magsimula ang Pagsusuri sa Pulong ng Komite ng 230 <i>Ilalagay ng Konsultant ng Komite ang mga panukala sa adyenda ng pulong ng Komite para sa kasunod na pagsusuri at pagbibigay ng komento ng Komite. Maaaring aprubahan o tanggihan ng Komite ang mga panukalang isinumite para sa pagsusuri. Maaaring umusad ang mga panukala sa balota mula sa unang pagsusuri at tumuloy sa pangalawang pagsusuri ng Komite. Tanging ang mga panukalang inaprubahan o ipinasa sa buong Konseho ng Komite ang maaaring pag-aksyunan ng Konseho.</i>
Lunes, 06/08/2026	148	UNANG ARAW Maaaring talakayin ng Konseho ng Lungsod ang mga panukala sa balota at pagtibayin mga ordinansang inihanda ng Abugado ng Lungsod upang mailagay ang mga panukala sa balota.
Biyernes, 08/07/2026	88	HULING ARAW Maaaring talakayin ng Konseho ng Lungsod ang mga hakbang at magpatibay ng mga ordinansa inihanda ng Abugado ng Lungsod upang mailagay ang mga hakbang sa balota (<i>alinsunod sa pinagtibay na Kalendaryong Lehislatibo, ang huling regular na pagpupulong ng Konseho ng Lungsod bago ang petsang ito ay Hulyo 14, 2026</i>).
Lunes, 08/10/2026	85	HULING ARAW para isumite ang Fiscal Impact Analysis; Balota at Buod ng Titulo; at Impartial Analysis kasama ang City Clerk.
Miyerkules, 08/12/2026	83	HULING ARAW na para maghain ng mga argumento sa balota sa City Clerk.

Mag-subscribe upang makatanggap ng mga abiso sa agenda ng Konseho ng Lungsod at Komite ng mga Panuntunan. Para sa karagdagang mga pampublikong abiso, bisitahin ang <https://www.sandiego.gov/city-clerk/officialdocs/public-notice>

Kung mayroon kayong mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Kalihim ng Lungsod sa cityclerk@sandiego.gov o (619) 533-4000.

Hindi kasama rito ang iba pang mga proseso, tulad ng mga inisyatibo ng mamamayan, na maaaring maglagay ng isang panukala sa isang balota.